

# 1

Katatapos lang ng session nila sa munisipyo. Gusto sana ni Jonnie na umuwi na sa bahay nila at matulog dahil inaantok siya, pero may dalawa pa siyang meeting na kailangang puntahan. Hindi naman niya puwedeng balewalain ang mga imbitasyon sa kanya dahil matampuhin ang kanyang mga kababayan. Lalo na kapag fiesta. Kailangang daanan ang lahat ng bahay sa kanyang nasasakupan, otherwise, hindi siya kikibuin ng kanyang mga botante. Mahirap nang matsismis na suplado, isnabero, mapili—lalo na kapag politiko. Dapat kasi, laging friendly, maasikaso at maalalahanin sa mga kababayan. Not that he was the opposite. In fact, nasa kanya talaga ang mga katangiang iyon kahit noong wala pa siya sa politika.

It's just that napapagod na siyang maging politiko. Pakiramdam kasi ni Jonnie ay lagi siyang tumutulay sa alambre. Bago gumawa ng hakbang ay kailangang isipin kung ano ang magiging epekto niyon sa kanyang imahe at sa partido.

Last term na niya bilang konsehal sa bayan ng Roxas, Oriental Mindoro. Kung siya ang masusunod, gusto na niyang tumigil sa politika dahil nakapagsilbi

na rin naman siya sa bayan. Nasunod na niya ang huling habilin ng kanyang namayapang ama, ang gusto naman sana niya ngayon ay pagbigyan ang sarili at mamuhay nang tahimik. Pero noong isang linggo lang ay kinausap siya ng kanyang mga kapartido at gusto ng mga ito na tumakbo siyang mayor sa susunod na election.

“Ikaw ang pinakamalakas sa mga konsehal natin, maging sa partido. Wala kaming maisip na puwedeng pumantay sa popularidad mo.” Mahinahon ang pagkakasabi sa kanya ni Manong Lando, ang itinuturing nilang ama sa partido.

Naging mayor muna ito sa bayan nila, naging congressman bago naging gobernador sa Mindoro. Mahaba ang naging political career ni Manong Lando bago nag-retire at naging political adviser nila. Marami na itong nai-groom na politiko hindi lang sa bayan nila kundi sa hanggang sa Calapan at iba pang karatig-bayan. Isa ito sa mga tinitingala sa probinsya nila at bihira ang nakatatangi sa may-edad na lalaki.

Malapit ang kanyang mga magulang kay Manong Lando kaya madali siyang nakumbinsing pumasok sa politika mahigit anim na taon na ang nakararaan. Heto’t kinukumbinsi na naman siya kahit malayo pa ang eleksyon at iba na ang direksyong gusto niyang

tahakin sa buhay.

“Saka may campaign funds naman tayo. Di tayo pababayaan ng mga nasa itaas,” sabad ni Ka Gusting, isa sa mga barangay captains sa lugar nila.

Ang tinutukoy nitong nasa ‘itaas’ ay ang mga nasa administrasyon at mga matataas na opisyal ng kanilang partido na usually ay nagpapadala sa kanila ng pondo kapag eleksyon. Pero lagi rin namang hindi sapat ang nanggagaling na tulong mula sa Maynila. Ang mga local politicians ay kailangang mahaba ang pisi—may sariling pera dahil magastos kapag campaign period.

“M-may iba ho kasi sana akong plano....” tangka niyang paliwanag.

“Anong plano?” Si Mrs. Estrella ang nagsalita, pinsan ni Manong Lando at isa sa mga nagpapatakbo ng kanilang partido. Nasa late fifties ito at may-ari ng ilang *L300* van na bumibiyahe mula Calapan hanggang Roxas. “Alam mo bang ikaw ang nanguna sa survey sa mga kabataan at mga kababaihan? Gusto ka nila, Jonnie.”

Lalong napalunok ang binata sa sinabi ng may edad na babae, pero wala siyang choice. Kailangang sabihin niya ang totoo!

“Balak ko ho talaga sanang magretiro na sa politika.” There, he had said it. Mas mabuti nang alam ng mga kasama niya ang totoo niyang damdamin.

“Magre-retire ka?” Tumaas ang boses ni Ka Gusting sa sobrang shock, para bang may binitiwang siyang bomba! “Ang bata mo pa para magretiro!”

“Alam n’yo naman hong wala talaga akong balak na pumasok sa politics, napilitan lang ho ako.”

“Pero natural kang politico, Hijo. Sa totoo lang, mas malakas pa ang karisma mo kaysa sa yumao mong ama.” Biglang napapaypay si Mrs. Estrella. “Mas lutang ang leadership qualities mo, hindi naman sa paninira sa ama mo. Sumalangit nawa ang kaluluwa niya. Aba’y lahat ng mga barangay captain at mga SK chairman, ikaw ang gustong tumakbo.”

“Ano ba ang gusto mong gawin, Jonnie? Mas may dadakila pa ba kaysa mamalakad at isulong ang sariling bayan patungo sa kaunlaran?”

*Patay. Naglitanya na si Manong Lando.*

Pinilit ng binata na ngumiti para mabawasan ang tensyon niya. “Baka ho kasi tumanda ako nang hindi ko man lang nagawa ang mga gusto ko.”

Ano ba ang gusto niya? Biglang nag-isip si Jonnie.

“Magtuturo ho sana ako sa Maynila.”

“Magtuturo?” Natigilan si Mrs. Estrella. Tila tinitimbang kung tama ang narinig.

Pero si Ka Gusting ay nag-react nang todo. “Iiwan mo ang politika para magturo?” Sa tingin ni Jonnie ay aatakehin na ng high blood ang barangay captain. “Aalis ka dito sa atin?”

Tumango ang binata. Kumuha siya ng isang basong *Coke* na nasa center table ng sala.

“Bakit sa Maynila pa? Puwede naman dito sa atin!”

“Saka puwede kang magturo diyan sa State College!” mabilis na segunda ni Mrs. Estrella. “I’m sure matutuwa pa ang mga estudyante. Mayor ang teacher nila. Magandang publicity ’yun!”

“Palagay ko ay naguguluhan ka lang, Jonnie, at nabibigla sa mga desisyon mo. Nasa dugo mo ang politika. Mula sa lolo mo na matagal na naglingkod bilang barangay kapitan, hanggang sa ama mo—nasa lahi ninyo ang maglingkod sa bayan.” Si Manong Lando, seryoso siyang hinarap. “Mag-isip-isip ka muna. Mag-usap tayo sa susunod na buwan.”

“Saka mas makakabuti rin sigurong mag-

asawa ka na, ano, Jonnie? Para naman may First Lady ka kapag naging mayor,” sabad ni Ka Gusting. Nahimasmasan na ito.

“Oo nga, Hijo. Saka mas magandang magtaguyod ng pamilya dito sa probinsya kaysa sa siyudad,” dagdag pa ni Mrs. Estrella. “Maraming dalaga dito ang magaganda at maayos ang ugali.”

Lalong nataranta si Jonnie. Kanina ay political career lang niya ang pinag-uusapan, ngayon ay naangkat na pati ang lovelife niya. Bigla siyang natakot dahil baka marinig sila ng nanay niya at makipag-volt in, mahirap na! Matagal na siyang inuutusan ng nanay niya na mag-asawa na.

“Saka na lang din ho natin ’yan pag-usapan. Kapag nasa tamang panahon na.”

Nakahinga lang ang binata nang magpaalam na ang mga kapartido.

---

Pero hindi doon nagtatapos ang personal na kalbaryo ni Jonnie. Kinabukasan ay pasimpleng isinahog ng nanay niya sa almusal ang pagrere to ng kung sinu-sino. Gusto niyang maghinakit dahil parang atat na ang ina na ipamigay siya at tapusin ang kanyang buhay-binata.

“Nagkita kami kahapon ni Mrs Almonte, ’yung home room teacher mo noong grade five ka. Kinukumusta ka niya.” Ang alam ng binata ay sa Maynila na naninirahan sina Mrs. Almonte simula noong mabiyuda. “Nagbabakasyon sila dito.”

“Ah, talaga? Kumusta naman ho siya?”

“Nag-asawa pala uli siya, teacher din doon sa pinagtuturuan niya sa Paco. Pero hindi na nasundan ang mga anak niya sa unang asawa.”

Tumango lang si Jonnie at nagpatuloy sa pagkain.

“Bakit daw wala ka pang asawa? Nagtataka siya dahil tiyak daw na maraming may gusto sa ’yo dito,” anang nanay niya.

Nagpatay-malisya ang binata, kunwari ay busy siya sa fried rice at tapa. Pero binilisan niya ang pagkain.

“May anak siyang dalaga, baka gusto mong makilala.”

“Kilala ko ho ang anak niyang babae, ’Nay. Si Rowanda. Mas bata sa akin ng dalawang taon.”

Paano niya makakalimutan si Rowanda?

Mga bata pa lang sila ay may muscles na ito at

hindi takot makipag-away sa mga lalaki. Alam ng lahat noon na amazona ang anak ni Mrs. Almonte.

“Ang gandang bata,” komento ng nanay niya.

“Sino ho?”

“Yung anak nga ni Mrs. Almonte! Ang s’abi ko, maganda.”

“Paano n’yo naman nasabing maganda, hindi n’yo pa nga nakikita.”

“Ipinakita sa akin ang picture. Nasa mga pinsan kasi niya kahapon sa Calapan kaya hindi kasama ni Mrs. Almonte.”

Nagagandahan ang nanay niya kay Rowanda? Gusto niyang maiyak at matawa.

“Ngayon ang dating niya dito sa Roxas, Anak. Baka yayain pa ’yun ni Mrs. Almonte sa munisipyo mamaya.”

*Patay kang bata ka!*

Mabilis na nag-isip ang binata. Kailangang wala siya sa munisipyo mamaya. Hindi siya puwedeng maabutan doon ni Rowanda. Baka tuhugin siya ng kawayan!

Pagkatapos kumain ay dali-daling nagpaalam na



si Jonnie. Sakay ng kanyang itim na wrangler jeep ay pinuntahan niya ang kaibigang si Max.

*He would know what to do, naisip pa ng binata.*

Taga-Calapan talaga ang pamilya ni Maximillan Toledanes o mas kilala sa pangalang 'Max'. Doon na rin sa kanila lumaki ang lalaki bagaman sa Maynila ito nag-aral at nagtapos. Nagkakilala lamang sila ni Jonnie nang magdesisyon itong magnegosyo sa Roxas. Ang pamilya ni Max ang may-ari ng isang barko na bumibiyahe mula Calapan hanggang Batangas City at isang fast craft na bumibiyahe naman mula Batangas hanggang Puerto Galera. Sa kuwento ng kaibigan, isang brand new *Toyota* van ang iniregalo rito ng abuelo nito matapos maka-graduate ng college. Imbis na gamitin para sa sariling lakad, ginawa iyong negosyo ni Max. Ibiniyahe nito ang naturang van mula Calapan hanggang Roxas at pabalik. Marami nga namang pasahero, lalo na at malapit lamang ang Boracay sa kanila. Ang ibang nagla-landtrip at dumaan ng Mindoro ay sumasakay ng bus mula Maynila hanggang Batangas, nagbabarko hanggang Calapan at sumasakay ng van mula Calapan hanggang Roxas—mula sa pantalan ng Roxas ay apat na oras na lang ang biyahe sa barko at makakarating na sa Caticlan kung saan naroroon ang jetty port patungong Boracay Island.

Mula sa iisang *Toyota* van, beinte na ngayon ang vans ni Max na bumibiyaha araw-araw. Milyonaryo na ito sa sariling pagsisikap. Si Jonnie ang isa sa mga naging malapit dito noong nagsisimula pa lamang ito dahil sa restaurant nila madalas na pumaparada ang unang sasakyan noon ng lalaki. Ngayon ay may sarili na itong mini-terminal sa Roxas katabi ng ipinatayo nitong talyer. Sa itaas ay ang nagsisilbi nitong bahay kapag naroon sa kanila. Bagaman malaki ang bahay nina Max sa Calapan, mas madalas itong maglagi sa Roxas.

“Sir, good morning po. Ang aga n’yo ah,” bati ni Isidro nang makita siya. Runner at houseboy ni Max ang binatilyo. Alam niyang ang kaibigan ang nagpaaral ng high school dito.

“Alam mo naman, madaming trabaho. Si Max, gising na?” Bababa na sana ang binata mula sa jeep, pero natigilan sa sunod na sinabi ni Isidro.

“Naku, Sir, mas maagang umalis si Boss! Kanina pang alas cinco bumiyaha papuntang Calapan. Tatawid daw ng Maynila.”

“Ha? Bakit daw? Akala ko ba sa isang linggo pa siya pupunta ng Maynila?”

“Di ko po alam, eh. Tawagan n’yo na lang ho

sa cellphone.” Ipinagpatuloy nito ang pagwawalis. Nakita niyang nagkakape na sa isang sulok ang isang mekaniko ng talyer.

“Sige. Salamat ha.” Kinuha ni Jonnie ang cellphone at tinawagan si Max. Alam niyang nagdadala ito ng driver kapag pumupunta ng Maynila.

Unang ring pa lang ay sumagot na agad ang kaibigan.

“Akala ko next week ka pa luluwas ng Maynila?”

“Nagpapasama sa akin si Mama sa Bangkok, eh. Bukas daw ang flight namin. Nauna na nga siya sa Maynila.”

Napangiti si Jonnie sa narinig. Despite his friend’s success at sa dami ng inaasikaso nito, nanatili itong malapit sa ina. Minsan nga ay tinutukso niya itong mama’s boy kapag nag-aasaran sila.

“Bakit ka nga pala napatawag? Nasa munisipyo ka na ba?” narinig niyang tanong ng kaibigan.

“Nandito ako sa talyer mo.”

“Ang aga mo naman. Ano’ng sira ng wrangler?”

“Wala. Ayos ang sasakyan ko.”

“Eh, bakit mo ako pinuntahan? ’Wag mong

sabihing name-miss mo ako, masasapak kita!”  
Sinundan iyon ni Max ng tawa.

“Siraulo!” Natawa rin siya. “Nagpunta ako para magpasaklolo.”

“Ha? Bakit? Ano’ng nangyari?” Biglang sumeryoso ang boses ni Max sa kabilang linya.

“Kasi kinukulit ako ni Mama noong isang linggo pa. Kelan daw ba ako mag-aasawa.”

“Pareho tayo! Litanya din ’yan ng nanay ko!”  
Magka-edad lang sila ni Max. “Sakyan mo lang!”

“Ang problema, may nirereto na.”

“Sino?”

“Hindi mo kilala kasi lumipat ng Maynila noong elementary kami.”

“Bumalik na sa Roxas?”

“Nagbabakasyon daw sabi ni Mama.”

“O, eh, di kausapin mo, Pare. Malay mo, ’yan na pala ang babaeng pakakasalan mo.”

“Malabo. Eto ’yung babaeng kinaiinisan ko noon. Saka, iba ang gusto ko.”

“Wala na nga ’yung gusto mo, di ba? Naglaho

na. Malay mo, okay na pala itong nagbabalik na kababayan mo.” Sinundan pa iyon ni Max ng malutong na tawa.

“Bahala na. Sige, ingat kayo sa biyahe. Ikumusta mo na lang ako sa mama mo.”

“Makakarating, Konsehal!” Iyon lang at ibinaba na ng kaibigan ang telepono.

At dahil wala si Max na puwedeng tambayan niya, nagdesisyon siyang dumalaw sa malalayong barangay para makaiwas kay Rowanda. Lalo namang natuwa ang tatlong kapitan na kanyang biglaang binisita. Ang isa ay nagpaihaw pa ng manok at pusit para sa kanya.

In fairness ay nawili naman siya sa ginawang pakikisalamuha sa mga constituents niya. Kahit wala siyang iniiwasan sa munisipyo ay talagang dumadalaw siya sa mga bara-barangay para malaman kung ano ang puwede niyang maitulong or magawang proyekto. At edukasyon nga ang gusto niyang maging sentro ng kanyang mga proyekto. Gusto niyang i-promote ang pagbabasa sa mga kabataang nasa bayan nila.

Hindi na niya namalayan ang oras kung kaya halos alas siete na ng gabi siya nakauwi. Pero laking

gulat niya nang salubungin siya ng nanay niya sa may gate pa lang.

“May bisita ka! Halika, 'Nak, bilis!” Excited si Aling Puring na hinila pa siya papasok.

*Shit, akala ko ligtas na ako.*

Ang akala niya kasi ay nakatakas na siya kay Rowanda. Heto at sa mismong bahay na niya nagtungo ang babae. Paano pa siya makaiiwas? Lalo pa't mukhang aligaga pa naman ang nanay niya sa pag-asikaso rito.

Ngunit hindi magawang sumimangot ni Jonnie kahit naiinis siya. Kaya naman pagdating niya sa may pinto ay nakangiti na siya. Naisip niyang kaya naman niyang maging nice sa babaeng amazona kahit dalawang oras. Ang problema, hindi si Rowanda ang naghihintay sa kanya sa sala.

It was his worst nightmare.

“Liberty?” nabiglang aniya.

“Hi, Jonnie. Kumusta ka?”

Pakiramdam ng lalaki ay umurong ang dila niya.

## 2

“Libby. People call me ‘Libby’.”

“Lib... Libby.” Halos hindi lumabas ang tinig ni Jonnie.

Tiningnan niya ang babae mula ulo hanggang paa. Mahaba at makinis ang legs ng babae, lalo pa at maikli ang suot nitong khaki shorts. Naka-sandals ito na brown, kita ang malinis at mamula-mulang paa. Mukhang alaga sa foot spa. Mula paa ay hinagod ni Jonnie ng tingin ang babae pataas. Naka-sleeveless shirt ito na puti. Ang buhok na hanggang balikat ay makintab, tuwid at may brown highlights. Sexy ang babae, walang duda. Lalo itong gumanda, parang hindi man lang tumanda kahit isang taon. May bangs ito na lalong nagpabata rito. Kung hindi niya ito kilala, puwedeng mapagkamalang college student lamang si Liberty!

“Kumusta ka na?” Ngumiti ito, labas ang mapuputi at pantay-pantay na mga ngipin.

Lalong naturete si Jonnie. Gusto niyang mainis sa sarili. Bakit ganito pa rin ang epekto sa kanya ng babae?

“O-okay lang ako,” aniya.

“Good.” Umupo sa sofa si Liberty at pinagkrus pa ang legs. “Maybe we can talk for old time’s sake!”

*Old time’s sake?* Iba ang pumasok sa isip ni Jonnie sa sinabing iyon ng babae. Saka niya naalala na may malaki itong kasalanan sa kanya!

“After all these years, ngayon ka magsasabi ng old time’s sake? Na para bang wala kang kasalananang ginawa?”

Nakita niyang nawala ang ngiti sa mga labi ni Liberty. Napalunok ito at tumayo.

“Come on, matagal na ’yun, Jonnie. Akala ko nga, nakalimutan mo na.”

“Ano’ng akala mo sa akin, ulyanin?” Malakas ang pagkabog sa dibdib ng binata. Ang huling beses na naramdaman niya ang ganoon ay eight years ago pa. Ayaw man niyang aminin, iba ang impact sa kanya ng pagkikita nilang iyon ni Liberty.

“Wala akong sinabing gan’un. Bakit ba ang sungit mo sa akin?”

“Kasi nga, may kasalanan ka sa akin!”

“Fine! Kung galit ka, aalis na lang ako. Hindi ko



na hihintaying ipagtabuyan mo pa ako.”

Tumalikod na ang babae saka mabilis na lumabas ng bahay nila. Ni hindi ito lumingon.

A part of him wanted to run after her. Pero hindi niya nagawang umalis sa kinatatayuan. It was a battle of pride and longing, of self-control and an aching heart.

Hindi niya alam kung gaano siya katagal na nakatanga. Saka naman ang pagpasok ng nanay niya sa sala. May bitbit itong juice at sandwich.

“O, nasaan na si Liberty?” Ibinaba ng may-edad na babae ang tray ng pagkain saka sumilip sa labas ng pinto. “Umalis na?”

“May pupuntahan pa raw, 'Nay.”

“Ang sabi niya ay gusto niyang makipagkuwentuhan nang matagal. Kaya nga naghanda muna ako ng sandwich dahil magluluto ako ng tinolang manok. Paborito niya 'yun, di ba?”

“Hindi ko ho alam.”

“Inaway mo ba?” akusa ng nanay niya.

Todo-iling siya. “Bakit ko naman ho siya aawayin? Hindi na kami mga bata.”

“Eh, bakit nga biglang umalis?”

“Baka may pupuntahan. Alam n’yo naman iyon, maraming kaibigan at likas na lakwatsera.”

“Pero ikaw ang pinakamalapit sa kanya, di ba? Ikaw nga daw ang una niyang pinuntahan pagdating na pagdating niya.”

Hindi na kumibo ang binata, kahit pa kahit paano ay flattered siya sa sinabi ng nanay niya. Totoo nga kayang siya ang unang dinalaw ni Liberty pagdating sa bayan nila?

*Pero may kasalanan pa rin siya sa akin.*

“Papasok na ho ako, ’Nay. Napagod ako ngayong araw.”

“Kumain ka muna!”

“Busog ho ako.” Isinara na niya ang pinto para hindi na siya kulitin pa ng ina.

Agad siyang humiga sa kama pagkapasok sa kuwarto. Pagod ang katawan niya, pero alam niyang hindi siya makakatulog agad. It was going to be a long night.

---

Gigil na gigil si Libby habang nag-aabang ng

tricycle sa kanto. Nasira ang plano niya.

Ang buong akala niya ay matutuwa si Jonnie kapag nakita siya, at nai-set na niya ang isip na roon kina Aling Puring magdi-dinner. Balak pa niyang tumambay pa sana, saka magpahatid na lang sa kababata sa pag-uwi. Pero imbiyerna pa rin pala sa kanya ang lalaki; akalain ba niyang susungitan siya! Hindi naman niya matanggap na hate siya nito kaya napa-walk out tuloy siya nang wala sa oras.

Malayo-layo rin ang bahay nila mula sa bahay nina Jonnie at wala siyang balak maglakad. Hindi dahil sa takot siya—safe naman sa bayan nila. Pero hindi na siya sanay. Kaya ang drama niya ngayon ay Pag-aabang ng masasakyan. Kung may taxi lang sana sa Roxas, pero wala noon doon!

*Dapat talaga nagdala na lang ako ng sasakyan dito.*

Sa wakas ay may nakita siyang tricycle. Agad niyang pinara iyon saka nagpahatid sa Barangay Danggay, kung saan naroroon ang bahay nila.

Ngunit kahit naiinis ay aminado si Libby na nagulat siya nang makita si Jonnie kanina. Alam na niyang guwapo ito. Maliit pa lang sila ay mukhang artistahin na ang kababata niya. But now, lalong

tumaas ang face value ng lalaki. Maganda ang katawan, at ang mukha, parang nawawalang kakambal ng isang local superstar!

At isa na siyang politiko.

Iyon ang isa sa ikinagulat ng dalaga. Ni minsan ay hindi niya naisip na papasok sa politika si Jonnie, at dahil wala iyon sa karakter ng lalaki. Kung naging professor ito sa isang unibersidad, maniniwala pa siya. O di kaya ay naging doktor. Pero politiko? Malayo talaga.

But life is strange. Heto at konsehal na ang dati niyang kaibigan. At ayon pa sa chika ni Aling Puring ay ito ang napili ng partido para tumakbong mayor sa susunod na eleksyon.

Hindi man niya intensyon, pero mabilis siyang nag-calculate. With Jonnie's good educational background, clean track record, masa personality at mala-artistang porma, alam niyang hindi malayong mangyari ang gusto ng partido. Mukhang magiging mayor nga ang herodes.

Hindi naman maintindihan ng dalaga, pero biglang naging appealing sa kanya ang title na 'First Lady'.

---

Elementary pa lang sila, alam na ni Libby na gusto niya ang kababatang si Jonnie, kahit ang paboritong kulay nito ay pink.

*“Pambabae ang pink! Bakit ba ’yan ang gusto mo?”*  
*Walong taong gulang pa lang sila, pakialamera na siya.*

*“Sino’ng nagsabing pambabae ang pink?”* Ayaw paawat ni Jonnie. Bitbit nito ang pink plastic envelope na naglalaman ng mga bond paper at gamit nito sa art subject nila. *“Saka wala namang sinabi ang nanay ko. Siya pa nga ang bumili nito.”*

*“Baka para sa kanya ’yan.”*

*“Hindi. White ang plastic envelope niya. Magkasama kaming bumili nito.”*

Inirapan na lamang niya ang kababata. Hindi niya masabing gusto niya ang pink envelope nito; naunahan na siya ng hiya. At naiinis siya dahil ang binili lamang sa kanya ay isang mumurahing plastic envelope na transparent.

Pero may-kaya naman kasi sina Jonnie kaysa sa kanila. Ordinaryong empleyado sa rural bank ang kanyang tatay, at ang kanyang nanay ay mananahi. Samantalang sina Jonnie ay may malaking tindahan ng bigas sa palengke, may taniman ng mga gulay at mais, at may restaurant sa Danggay Port—ang

pier na malapit sa kanila. Kapitan sa barangay ang tatay ni Jonnie at kilala sa bayan nila. Pero kung gaano ka-friendly ang tatay ng lalaki, ganoon naman kamahiyain si Jonnie.

Alam niyang siya lamang ang kaibigan nito noon, kaya kahit lagi niya itong inaaway, hindi siya nito iniwan. Close sila mula pa noon.

Nang mag-high school ay siya pa ang namilit na pumunta sila sa JS Prom. Nang sabihin niya kay Jonnie na ang lalaki ang gusto niyang maging partner ay tumanggi ito, pero siya pa rin ang nagwagi.

Ganoon na lang ang shock niya nang sabihin sa kanya ni Jonnie na Philosophy ang kukunin nitong kurso sa college dahil iniisip umano nitong magpari. Halos malaglag siya sa upuan.

*“Bakit ka magpapari?” Pakiramdam niya ay nagkasala siya sa Diyos habang kinukuwestyon noon si Jonnie. Pero hindi lang kasi niya maintindihan ang desisyon ng kaibigan.*

*“Hindi pa naman ako sigurado, pero iniisip ko ’yun.”*

*“Puwede ka namang maglingkod sa Diyos kahit hindi ka magpari. Maraming tao na gumagawa ng mga foundation para sa mga mahihirap. Puwede*

nating gawin 'yun. Tutulong ako. I'm sure matutuwa ang Diyos.”

“Diyos na ang bahala sa akin. Kung ano ang gusto niya, 'yun ang susundin ko.” Ganoon na lang ang protesta niya, pero ano ang magagawa niya? Pinanindigan ni Jonnie ang desisyon.

Sa *University of Sto. Tomas* nito napiling mag-aral, samantalang siya ay kumuha ng Tourism sa *Polytechnic University of the Philippines*. Nag-dorm si Jonnie, siya naman ay kumuha ng boarding house sa Pureza Street para malapit lang sa school niya.

Kahit marami siyang nakilalang lalaki ay si Jonnie pa rin ang gusto niyang makasama kaya lagi niya itong dinadalaw sa *UST*. Nakalalabas ito kapag weekend kaya nakapaggagala silang dalawa. Kapag bakasyon ay sabay silang umuuwi sa Mindoro, sabay ring bumabalik sa Maynila.

Nasa third year college sila nang makilala niya si Dax. Guwapo ang lalaki at kasi-shift lang mula sa kursong Engineering to Tourism. Pinormahan siya nito at in fairness ay kinilig siya. Inisip niyang sagutin ang lalaki dahil mukhang wala talaga siyang pag-asa kay Jonnie. Para kasing hindi talaga siya nakikita ng huli bilang babae kaya dumating siya sa point na mag-move on na lang...

*“Boyfriend mo na ba ’yung Dax?” tanong sa kanya ni Jonnie minsan.*

*Katatapos LANG nilang magsimba at naisipang kumain sa Greenwich sa may Morayta.*

*Naipakilala na niya ang dalawang lalaki nang magkaroon ng college fair sa UST. Nasabi na rin niya kay Jonnie na nililigawan siya ni Dax.*

*“Hindi pa.”*

*“Pero balak mong sagutin?”*

*“Medyo.” Sinundan niya iyon ng hagikgik.*

*“Mahal mo siya?”*

*“Di ako sure. Parang type ko lang siya.” She sounded silly, kaya napasimangot sa kanya si Jonnie.*

*“Di ka pala sigurado kung mahal mo siya, bakit mo sasagutin?”*

*“Gusto ko nang magka-boyfriend, eh.”*

*“Bakit nagmamadali ka?”*

*“Aba, ga-graduate na ako next year, pero wala pa rin akong nagiging boyfriend. Samantalang ang mga kaklase ko, nakasampu na yata!”*

*“So gusto mo silang gayahin, gan’un?”*



*“Try lang naman.”*

*“Ewan ko sa ‘yo, Liberty. Malaki ka na.”*

*Ngumuso lang siya sa kaibigan. Ayaw mo naman kasi akong ligawan, gusto niyang sabihin. But of course, nunca niyang isinatinig iyon.*

Pero hindi talaga sila meant ni Dax. Just when she was about to say yes to the guy, saka naman niya ito nakitang may kasamang ibang babae. Magka-holding hands pa ang dalawa nang pumasok sa *St. Jude Church* sa may Malacañang. Siya naman noon ay katatapos lang magsimba.

Ni hindi siya nasaktan nang makita si Dax na may kasamang isang freshman na babae. Kilala niya ang huli dahil nag-apply ito sa organization nila. Mas nakaramdam siya ng relief dahil hindi na niya kinakailangang sumubok. She had thought then, that maybe she was really meant to wait. And she did.

Hanggang sa dumating na ang oras ng pagtatapos nila sa kolehiyo.

---

Nauna ang graduation ni Liberty. Lumuwas ng Maynila ang mga magulang niya para makadalo sa graduation niya at pati si Jonnie ay naroroon.

Pero hindi agad siya umuwi ng Mindoro, sa halip ay pinauna niya ang mga magulang at nanatili pa sa Maynila para sa graduation naman ni Jonnie.

Desidido talaga ang lalaki na kumuha ng Theology at iyon ang dahilan kung bakit daig pa niya ang aliping aligaga. Alam kasi niyang pagkatapos ng graduation ay mag-e-enroll na si Jonnie at papasok na sa seminaryo. Masama man, but she was left with no choice but to think of ways to stop him.

*“Samahan mo ako sa post-graduation party ni Mildred,” aya niya sa kaibigan isang araw bago ang graduation nito.*

*Kilala naman ng lalaki si Mildred dahil minsan na niyang ipinakilala ang dalawa.*

*“Kelan?”*

*“Sa Sabado.” Huwebes noon, katatapos lang ng rehearsal nina Jonnie para sa graduation kinabukasan. “Saka di lang graduation party ’yun kundi despedida na rin.”*

*“Bakit may despedida? Saan ba siya pupunta?”*

*“Aalis na kasi siya papuntang Hong Kong, doon na daw siya titira. Eh, baka hindi na kami magkita.”*

*“Ang lapit-lapit ng Hong Kong.” Nahalata niyang*

*parang ayaw ni Jonnie na samahan siya. Dahilan pa ng binata, tambak daw ang requirements na kailangan nitong gawin para sa nalalapit na pagpasok sa seminaryo.*

*“Para sa ’yo malapit lang. Palibhasa nakapunta ka na doon. Sige na, minsan lang naman ’to. Saka Sabado naman, eh.”*

*Hindi niya tinigilan ang lalaki. Sa kapipilit niya, pumayag nga si Jonnie. Sinamahan siya nito sa Great Eastern Hotel sa Quezon Avenue. Clueless ang binata sa plano niya.*

*“Bakit dito?” Nagtaka si Jonnie nang huminto sila sa isang kuwarta sa may eighth floor. “Akala ko despedida? Hindi ba sa function room ang event?”*

*“Kumuha kasi ng malaking suite room si Mildred.” Mabilis siyang nag-isip ng dahilan. “Gusto niya ay isang private party with close friends lang.”*

*“Akala ko naman ito na ang farewell party niya kasama ang mga kamag-anak at kaibigan.”*

*“Aba, malay ko sa kanya. Baka hindi siya close sa mga kamag-anak niya.” Lihim siyang nagpasalamat nang salubungin sila ni Mildred sa pinto. Kasama nito ang boyfriend na si Kiko.*

*“Tamang-tama, kayo ang naunang dumating,” bati ni Mildred. “Halika, mag-buena mano shot muna kayo.”*

*Nang bigyan sila ng tig-iisang wine glass ay hindi na nakatanggi si Jonnie. Ininom nito iyon. After five minutes ay nahilo na ito at nawalan ng malay.*

*“Ang bad mo talaga. Bahala ka na diyan ha,” natatawang sabi ni Mildred. Lumabas na ito ng kuwarto kasama si Kiko na nakangisi. “Uy, humingi ka ng tawad kay Lord, ha. Magkumpisal ka pagkatapos, girl!”*

*“Salamat. I’m sure maiintindihan Niya ako. Gagawin ko ’to sa ngalan ng pag-ibig.”*

*Saka niya tiningnan ang walang malay na si Jonnie.*

*Sorry, mahal talaga kita, eh!*

# 3

Hindi pa rin maka-get over si Jonnie sa pagbabalik ni Liberty. Sa loob ng nakalipas na mga taon, sinubukan niyang mag-move on at kalimutan ang babae kahit nahihirapan siya.

Kung kailan inisip niyang nagtagumpay na siya, heto at bumalik naman ang babae at mukhang mas malakas pa sa Ondoy ang dala nitong bagyo sa buhay niya. Ni hindi siya pinatulog kagabi. Heto nga't nasa loob na siya ng opisina, pero ang diwa niya ay patuloy na naglalakbay sa nakaraan.

Bata pa lang sila ay madalas na siyang pangunahan ni Liberty sa maraming bagay. Mahilig mangialam ang babae sa mga gamit niya, magtanong ng kung anu-ano at yayain siya kung saan-saan. Malakas na talaga ang dating nito kahit noon pa. Mahirap itong tanggihan dahil bukod sa makulit ay marunong din itong maglambing kung kinakailangan.

Wala yata siyang good childhood memory na hindi kasama ang babae. Mula kasi sa elementarya ay magkaklase na sila hanggang high school. Maging sa Maynila ay magkasama sila lagi kahit magkaiba ng pinasukang unibersidad. Hindi naman niya

itinuturing na suplado ang sarili pero ilan lang ang mga kaibigan niya noon, at si Liberty lang ang naging malapit sa kanya. They were the best of friends.

Sinungaling siya kung hindi niya aaming hindi lumampas sa pagkakaibigan ang tingin niya sa babae. In fact, she had always been special and close to his heart. Pero hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob na magsabi ng nararamdaman dahil takot siyang mapagtawanan, ma-reject or worse, masira ang friendship nila. Kaya pinili niyang tumahimik.

Pinakamalaking naging takot niya noon ay nang muntik nang magkaroon ng boyfriend ang babae: si Dax na schoolmate nito. He never liked Dax, and he was more than happy na hindi nagkatuluyan ang dalawa. Pero kailanman ay hindi niya sinabi kay Liberty ang tunay na naramdaman.

He had his chance. Silang dalawa ni Liberty—*they* had their chance. Pero hindi niya alam kung bakit hindi sila nagkatuluyan.

*Dahil iniwan niya ako. She just left me.*

---

“Jonnie?” Hindi namalayan ng binata na kinakausap na pala siya ng sekretarya niya. Kanina pa siya nagdi-daydreaming.

“May sakit ka ba?” Nakakunot ang noo ni Ate Onay, ang kanyang sekretarya. Mas matanda ito sa kanya ng fifteen years. Matagal na itong empleyado sa munisipyo. “Kanina pa kita tinatanong kung napirmahan mo na ’yung mga kailangan ni Mayor.”

“Sorry ho.” Dali-dali niyang kinuha ang folder na nasa mesa at binuksan iyon.

Sa loob-loob niya ay si Liberty ang sinisisi niya. Kung bakit kasi bumalik pa ang babae, nagulo tuloy ang mundo niya.

“Di ba kababata at matalik mong kaibigan si Liberty?”

Napatingin si Jonnie kay Ate Onay dahil sa tanong nito.

Manghuhula ba ang babae? Bakit bigla nitong nabanggit ang pangalan ng babaeng nasa isip niya?

Saka niya naalala na magkapit-bahay nga pala sina Ate Onay at Liberty sa Danggay.

Tumango siya, saka ibinalik ang atensyon sa mga papeles. “Bakit ho?” tanong niya habang pumipirma.

“Eh, di ba nga at narito siya ngayon? Matagal ding hindi nakauwi dito ang batang ’yan. Aba’y ikakasal na pala.”

Natigilan siya. Ikakasal na si Liberty?

“Ano ho’ng sinabi n’yo?” Baka kasi nagkamali lang siya ng pandinig.

“Kaya umuwi si Liberty *dine* ay dahil mamamanhikan ’yung nobyo niya. Darating daw dito.”

Alam ni Jonnie na reliable ang balita ng babae. Tsismosa man ito, hindi ito pumapalya sa mga source.

“Sino ho ang nobyo niya?” Ramdam ng binata ang pagkabog ng dibdib niya. Bakit ganoon? May hypertension ba siya?

“Foreigner daw s’abi ni Doring.”

Ang tinutukoy ni Ate Onay ay ang nanay ni Liberty. Maliit lang naman ang bayan nila pero for some strange reason, bibihira silang magkita ng may edad na babae. To think na politiko pa siya.

“Kelan daw ang kasal?” Nawi-weird-uhan siya sa topic na ikakasal na si Liberty.

“Hayaan mo at itatanong ko. Sigurado namang imbitado ka ni Liberty. Kayong dalawa lang naman ang magkalapit talaga noon, eh.”

Hindi na kumibo si Jonnie. Marami pa sana



siyang gustong itanong kay Ate Onay, pero baka mahalata na siya.

Paanong ikakasal na si Liberty? Hindi pa rin siya makapaniwala. At sa totoo lang, gusto niyang magprotesta!

---

“Ano ’to?” Nakatingin si Jonnie sa isang paper bag na iniabot sa kanya ng nanay niya.

Nasa sala sila noon at kararating lang niya galing sa munisipyo. Ni hindi pa nga siya nakakaupo. Tinanggap niya ang paper bag saka sinilip muna bago muling tumingin sa kanyang ina.

“Dumaan dito kanina si Libby. Nakalimutan daw niyang ibigay sa ’yo ’yan. Pasalubong daw niya. May ibinigay nga rin sa akin.”

Kunot-noong binuksan ni Jonnie ang paper bag. Tatlo ang naroroon—isang bote ng mamahaling pabango, isang men’s watch na mamahalin din saka shades na *Dolce and Gabbana For Men*.

*Ano na naman ang gustong palabasin ng babaeng iyon? Ano’ng akala niya, kaya niya akong suhulan ng mga ganito?*

Isinara niya ang paper bag saka muling kinuha

ang susi ng sasakyan na kalalagay lang niya sa sabitan ng mga susi sa tabi ng pinto.

“Aalis ho muna ako, 'Nay,” paalam niya.

“Uy, Jonnie, kakain na tayo. Saan ka pupunta?”

“Sandali lang po ako.”

“Bumalik ka kaagad, ha!” paalala nito.

“Opo!”

Bitbit ang paper bag na galing kay Liberty ay mabilis na lumabas ng bahay ang binata saka muling sumakay sa kanyang wrangler jeep.

Hindi nagtagal ay nasa harap na siya ng bahay ng kababata. Kabisado na niya ang bawat kulay at hugis sa bahay na iyon. Hindi lang dahil madalas siyang pumunta doon noong mga bata pa sila ni Liberty, kundi dahil lagi niyang dinadaan ang bahay na iyon.

Madalas niyang tinitingnan tuwing magda-drive at mapapadaan sa may Barangay Danggay.

Hindi agad siya bumaba. Ano nga ba ang gagawin niya roon? Nabigla yata siya sa pagpunta roon. Kung bakit kasi bigla siyang naging impulsive.

*Kasalanan mo ito, Liberty!*

Hindi naman siya dating ganito. Pero bumalik lang sa bayan nila ang kababata, heto at kung ano-ano na tuloy ang naisipan niyang gawin.

Paaandarin na sana niya ang sasakyan nang may humintong tricycle at bumaba mula roon si Aling Doring.

“Aba, Jonnie, ikaw pala. Bumaba ka na at pumasok!”

Hindi agad nakakilos ang binata, lalo pa’t tinatawag na ni Aling Doring si Liberty. Wala siyang nagawa kundi bumaba ng jeep.

Agad namang lumabas ang dalaga. Naka-t-shirt ito na hapit sa katawan saka shorts na napakaikli, iyong tipong maiiskandalo ang simbahan! Nakatsinelas ito.

Nagliwanag ang mukha nito nang makita siya. Excited itong tumakbo patungo sa kanya!

“Uy, friendship, halika! Pasok!” Kumapit ito sa braso niya at hinila siya papasok ng gate.

Nauna nang pumasok si Aling Doring. Sinamantala iyon ni Jonnie at kumalas kay Liberty. Natigilan ang babae, pero agad ding nakabawi. Ngumisi lang ito.

Napansin ng babae na dala niya ang paper bag na bigay nito. “Bakit dala mo ’yan? Nabuksan mo na

ba?”

“Ano ’to? Bakit mo ako binigyan nito?” He was being childish, pero hindi niya mapigilan ang sarili.

“Pasalubong ko sa ’yo, bakit masama ba? Hindi mo ba nagustuhan?” Kinuha nito sa kanya ang paper bag saka sinilip iyon. “Pinili ko ang mga ’yan para sa ’yo.”

“Bakit nga binigyan mo ako nito?”

“Ayaw mo?” Gumuhit ang pag-aalala sa mukha ng babae. “Naku, hindi ko na puwedeng palitan ’yan, ha? Puro lotion at sabon na lang kasi ang natitira sa maleta ko.”

“Hindi ko kailangan ng pasalubong.”

“Bakit hindi? Para ka namang others diyan.” Natawa si Liberty ngunit hindi niya magawang tumawa.

“Binigyan mo ba ako nito para kalimutan ko ang kasalanan mo?”

“Ha?” Nawala ang ngiti ng babae. “Ano na naman ba ’to? Karugtong ng drama mo noong isang gabi?” Namaywang pa ito. “Puwede ba, Jonnie, hindi na tayo mga bata. Kung ano man ang nangyari noon, kalimutan na natin. Let’s move on!”

“Gan’un lang? Kalimutan and move on? Sinira mo ang buhay ko.” Hindi alam ng binata kung bakit nasabi niya iyon, pero huli na. Hindi na niya mababawi pa ang nasabi na niya.

“Sinira ko ang buhay mo?” Nasa mukha ni Liberty ang shock.

*Shit. Shit.* Hindi siya magugulat kapag dumapo sa pisngi niya ang isang palad ng babae.

*Me and my big mouth!*

“Paano ko sinira ang buhay mo, aber? Ginawa ba kitang drug addict? Naging mamamatay-tao ka ba dahil sa akin? Sumali ba tayo sa gang o sa kulto? Ano’ng ginawa ko sa ’yo para sabihin mong sinira ko ang buhay mo?”

Wala siyang maisagot sa litanya ni Liberty. May punto kasi ito. Siya itong out of line. Wala siyang choice kundi panindigan ang nabitiwan niyang salita.

“Sinira mo ang buhay ko.” Sa pagkakataong iyon, malumanay na ang boses niya. “Because you stole my heart.”

*Oh, shit!*